# SUMUSULONG ANG REBOLUSYON!

***Mensahe sa ika-29 na Anibersaryo***
***ng Muling Pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas***

*ni* ***Armando Liwanag***
*Tagapangulo, Komite Sentral*
*Partido Komunista ng Pilipinas*

*Disyembre 26, 1997*

Ipinagdiriwang ng Partido Komunista ng Pilipinas ang ika-29 na anibersaryo ng muling pagkakatatag nito sa ilalim ng teoretikong gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Pinamumunuan nito ang rebolusyonaryong kilusang masa na sumusulong sa gitna ng desperasyon at ligalig na namamayani sa lokal na naghaharing sistema at sa sistemang kapitalista sa buong daigdig.

Sa okasyong ito, pinararangalan natin ang mga rebolusyonaryong martir at buong taimtim na pinasasalamatan sila sa kanilang pagpapakasakit kahit kaligtaan ang sarili alang-alang sa rebolusyonaryong adhikain. Binabati natin ang lahat ng mga kadre at kasapi ng Partido sa kanilang matatag na pagtalima sa mga batayang rebolusyonaryong prinsipyo ng proletaryado at sa linyang masa, gayundin sa lahat ng kanilang militanteng gawain at tagumpay sa hanay ng masa.

Sa tulak at gabay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, ang Partido ay matagumpay na nakapamuno sa rebolusyonaryong kilusan ng proletaryado at ng malawak na masa ng sambayanan. Nagtamo ito ng makabuluhang mga pagsulong at nagkamit ng maniningning na tagumpay sapul ng nakaraang taon sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Mula 1992, ang Partido ay lahatang-panig na pinalakas ng kilusang pagwawasto at inarmasan para makapakinabang sa lalo pang umiinam na mga kalagayan para sa pagrerebolusyon. Mabilis na lumalala ang krisis ng pandaigdig na sistemang kapitalista at ng lokal na naghaharing sistema. Napupukaw ang malawak na masa ng sambayanan para maglunsad ng armadong rebolusyon dahil sa habang lumalao'y lalong hindi na makayanan ang pagsasamantala at pang-aapi na kanilang dinaranas.

## *I. Ang kalamidad sa daigdig na dulot ng monopolyong kapitalismo*

Sa loob ng humigit-kumulang limang dekada, mula noong dekadang 1930 hanggang katapusan ng dekadang 1970, ang maka-Keynes, sosyal-demokratiko o pasistang patakaran ng panghihimasok ng estado ay nagsilbing sandata ng monopolyong kapitalismo para labanan ang krisis sa ekonomya, magpanggap na para sa lipunan, maglunsad ng gerang pandaigdigan at lokal, magpaligsahan sa armas at magkumpetensya sa ekonomya ang mga superpower noong Cold War at itulak ang huwad na kaunlaran ng mga dating kolonya.

Ngunit noong dekadang 1970, ang monopolyong kapitalismo ay naharap sa di makontrol na problema ng istagplasyon. Tumungo ito sa dekadang 1980 para pagtakpan, at hindi lutasin ang problema, sa pamamagitan ng pagbaling sa patakaran ng monetarismo at kapitalismong *laissez faire*, sa ilalim ng bandila ng Reaganismo at Thatcherismo. Ang patakarang ito ay tinatawag ding neoliberalismo dahil sa ang monopolyong kapitalismo ay muling gumagamit sa lipas nang lohika at lenggwahe ng malayang kompetisyong kapitalismo. Ginagamit nito ang mga islogang gaya ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon para magamit ang mga rekurso ng mga estado at mga higanteng korporasyon para lalo pang pumiga ng ibayong papataas na tubo mula sa proletaryado at sa inaaping mga mamamayan at bansa.

Ang esensya ng patakaran ay pabilisin ang konsentrasyon ng kapital sa kamay ng mga monopolyong burgesya at ideliber sa mga pribadong korporasyon ang mga pondong publiko, paliitin ang kita ng mamamayan sa pamamagitan ng pagbabawas ng empleyo at pagpapababa ng sahod at pagpapaliit ng gastos sa lipunan ng mga gubyerno para mamaksimisa ang tubo at mabaka ang implasyon.

Ang problema sa anti-implasyonaryong kiling ng neoliberal na patakaran sa mga industriyal na bansang kapitalista ay pinakikitid nito ang lokal na pamilihan kung kailan tumataas ang produktibidad dahil sa paggamit ng mas mataas na teknolohiya. Nitong dekadang 1990, lalong tumindi ang pundamental na kontradiksyon sa pagitan ng mas matingkad na katangiang sosyal ng mga kagamitan sa produksyon at ng pribadong monopolyong katangian ng apropriyasyon.

Ang pangkalahatang tunguhin ay ikonsentra ang kapital, sa anyo ng pirming kapital, sa tatlong sentro ng kapitalismo sa daigdig. Mahigit sa 70 porsyento ng daloy ng tuwirang pamumuhunan sa daigdig ang konsentrado sa United States, Japan at European Union habang ang pangkalahatang tantos ng paglago ng mga bayang nasa Organization of Economic Cooperation and Development (OECD) ay nagtaas-baba at tumigil na sa pagitan ng isa hanggang tatlong porsyento at ang mga pambansang tantos ng tubo ay may tunguhing pabagsak mula 1987 hanggang 1997.

Sa kabila ng malaking utang publiko at depisit sa kalakalan, ang United States ang relatibong pinakamalakas at nakapagpapanatili ng kanyang bentahe sa pamamagitan ng paggamit ng kanyang ungos sa teknolohiya, ng hegemonya sa kapangyarihang pulitiko-militar at ng tuwirang pamumuhunang kanyang naaakit mula sa dalawa pang sentro ng kapitalismo sa daigdig. Binababawasan ng mga monopolyo nito ang regular na empleyo ngunit lumilikha naman ng mga partaym na trabaho para lamang masabing may mataas na tantos ng empleyo.

Sapul nang pumutok ang bula sa ekonomya ng Japan noong 1990, ang ekonomya nito ay naging tigil na sa ilalim ng malakas na kompetisyon ng US sa rehiyong Asya-Pasipiko, tumungo sa dambuhalang depisit sa gastos publiko sa bigong pagtatangkang muling palakasin ang sarili, at higit pang nagpalala sa problema nito ng mga utang na di mabayaran sa mga empresang Hapones at Timog Koreano. Ang ekonomya ng European Union ay naging tigil na rin. Mayroon itong mataas na antas ng kawalang empleyo na nasa 12 porsyento.

Sa ilalim ng islogan ng "globalisasyon", isa pang tawag sa neoliberal na hakahaka ng malayang pamilihan, pinatatampok ng tatlong sentro ng kapitalismo sa daigdig ang diumanong sumisibol na mga pamilihan, na mga target ng kapital sa ispekulasyon at tambakan ng sarplas na produkto. Kulang lamang sa 30 porsyento ng total na tuwirang pamumuhunan sa daigdig mula sa mga imperyalistang bayan ang napunta sa "sumisibol na mga pamilihan" na karamihan ay nasa Silangang Asya. Sa mga ito, di hamak na mas mataas na tubo ang nakuha mula sa maliit lamang na halaga ng pamumuhunan sa produksyon at di hamak na mas malaki namang pamumuhunan sa ispekulasyon, hanggang sa dumating ang kasalukuyang kalamidad sa Asya na pumawi sa ilusyon ng matagal nang ipinangangalandakang himalang Asyano.

Ang kalamidad ay bunga ng sobrang produksyon sa daigdig ng mga tipo ng produktong nililikha ng mga neokoloyal na kliyenteng estado sa Silangang Asya, sobrang importasyon at sobrang paghahalaga sa mga suplay kapwa para sa produksyon at para sa konsumo, at sa walang kontrol at sobra-sobrang daloy ng kapital sa ispekulasyon mula sa mga pribadong kompanya sa pinansya at

*transferpricing* sa mga intrakompanyang transaksyon ng mga empresang multinasyunal. Ang Silangang Asya ngayon ay nadadaganan ng sobrang produksyon, mga utang na di mabayaran at mga pagkabangkrap.

Sa sobrang produksyon sa daigdig ng mga tipo ng produktong gaya ng kotse, consumer electronics, barko at bakal, ang dating “tigreng” Korea ay natatalo sa kumpetisyon sa mga imperyalistang bayan. Sa kaso ng mga “sumisibol na pamilihan” sa Timogsilangang Asya at Tsina, ang kanilang manupakturang pangkonsumo na mas mababa ang dagdag-na-halaga (kasuotan, semiconductors, sapatos, laruan at kagaya nito) ay tumungo sa pandaigdigang sobrang produksyon, kasama ng mga katulad na produkto mula sa Timog Asya at ilang bayan sa Latin America (lalo na Mexico) at Central Europe.

Ang South Korea at ang mga bayan sa Timogsilangang Asya ay dumaranas ng malaking depisit sa kalakalan taun-taon. Ngunit ang malakihang pasok ng kapital sa ispekulasyon mula sa mga imperyalistang bayan para tustusan ang importasyon ng mga sangkap ng manupakturang nakatuon-sa-eksport, ang konsumerismo ng may-kayang mga uri sa lipunan, serbisyo sa utang, pribatisasyon ng mga ari-arian ng estado, telekomunikasyon at iba pang proyektong publiko para sa serbisyo, at mga proyektong pagpapaunlad sa *real estate* ay nagsustini sa ilang panahon sa ilusyon ng kaginhawahan sa ekonomya sa diumanong himalang Asyano.

Ang pamalagiang depisit sa *current accounts* at ang malakihang pasok ng kapital sa ispekulasyon ay matagal nang nagbadya ng pagbagsak ng pananalapi at ng *stock market* na nagsimula sa Thailand noong Hulyo, kumalat sa iba pang bahagi ng Timogsilangang Asya at pagkatapos ay sa Hilagangsilangang Asya at sa kalaunan ay yumanig sa mga pamilihang kapital ng mga imperyalistang bayan. Nasa unahan ng lahat ng ito ang sobrang produksyon ng mababa-ang-dagdag-sa-halagang eksport ng Timogsilangang Asya at ng mataas-ang-dagdag-sa-halagang produktong eksport ng mga dating “tigre” (South Korea at Taiwan) at ng mga imperyalistang bayan.

Ang South Korea, Thailand at Indonesia ay isinasalba ng IMF sa halagang USD100 bilyon. Kapalit ng mabigat na pasaning utang, sila ay inoobligang magtipid, lalong ibukas ang sarili sa mga imperyalistang buwitre at magsikap na gumawa ng parehong mga produkto sa mas mababang tunay na halaga ng sahod o di kaya’y magsara. Sa kabila ng ganitong pagsalba, nagpapatuloy ang paglubog ng mga “sumisibol na pamilihan.” Ang kasalukuyang krisis sa pinansya ay mas masahol kaysa sa krisis sa Latin America noong mga 1980 at sa Mexico noong 1994-95. Ang IMF ay lubhang nag-aalala sa papaliit nitong rekurso at sa prospek ng kaguluhan sa pinansya sa alinman sa malalaking bayang gaya ng China, Brazil at India.

Minumura ng mga imperyalista ang kanilang mga kliyenteng estado sa paggawa ng di mahuhusay na patakaran sa ekonomya, korupsyon at pagwawaldas, sobrang ekspansyon ng produksyon o sobrang pagkonsumo. Pero ang mga tuta ay masugid lamang na sumunod sa kanilang mga imperyalistang amo sa pagtutulak sa mga patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon at pagyurak sa mga karapatan ng mga manggagawa at pagpapababa ng kanilang sahod at kalagayan sa pamumuhay sa loob ng balangkas ng IMF, World Bank, WTO, OECD, ADB, APEC at iba pang patung-patong na mga rehiyunal na kasunduan sa kalakalan.

Ang kalamidad sa Asya ay naglalantad sa mapangwasak na katangian ng monopolyong kapitalismo laluna sa ilalim ng neoliberal na patakaran. Nangangahulugan ito ng pagwasak sa mga pwersa sa produksyon sa mga pinakapinapaborang kliyenteng estado. Bumabalandra ito sa mga imperyalistang bayan dahil pinakikitid nito ang kanilang pamilihan at larangan ng pamumuhunan sa daigdig. Ang tunguhin nito ay dumugtong sa napakasahol na kalagayan sa mas malaking mayorya ng mga bayan na nakaasa pa rin sa produksyon ng hilaw na kalakal para sa eksport, sobrang pinahihirapan ng dayuhang utang at nasa matagal nang depresyon at labanang sibil na resulta ng krisis ng sobrang produksyon ng hilaw na kalakal mula pa noong mga 1970.

Ito ay may tunguhing dumugtong sa teribleng kondisyon ng de-industriyalisasyon at pagbagsak sa katayuang ikatlong daigdig ng mga bayang nasa dating blokeng Sobyet. Ang mga Kanluraning

bayang imperyalista, laluna ang Germany, France at Britain ay pangunahing nagtatambak sa kanila ng mga sarplas na kalakal at sarplas na kapital para sa kalakalan at ispekulasyon. Pumapangalawa, ang bahagyang kapital sa produksyon ay tagibang na inilalagay sa iilang piling empresa para samantalahin ang murang paggawa at mabilis na makakuha ng tubo. Sa kalaunan, ang patuloy na pagdausdos ng mga ekonomyang Ruso at Silangang Europeo ay nagreresulta sa lalong pagliit ng pamilihan para sa mga Kanluraning produkto. Ang mga bayan sa ikatlong daigdig at mga bayan sa dating blokeng Sobyet ay kapwa dagan-dagan ng pasaning utang na mahigit sa USD 2.0 trilyon.

Masama ang epekto sa mga lokal na ekonomya ng mga sentro ng kapitalismo sa daigdig ng tunguhin tungo sa pagliit ng pandaigdigang pamilihan . Ang pagputok ng bula sa Silangang Asya ay may kagyat at pangmatagalang epekto sa mga tantos ng paglago at tubo sa United States, Japan at European Union dahil malakihan silang namuhunan sa mga "sumisibol na pamilihan". Kaya naman ang mga kapitalistang pamilihan ay paulit-ulit at tuluy-tuloy na nayayanig.

May pandaigdigang tunguhin sa pagputok ng mga bula, deplasyon at depresyon. Una muna, ang kagyat na resulta ng sobrang produksyon ay nagiging litaw na litaw. Susunod ang pangkalahatang pagbagal ng produksyon at tuluy-tuloy na deplasyon ng may-sobrang-halagang ari-arian at produkto. Sa ngayon ang kabuuang produkto sa daigdig ay sobrang nahahalagahan nang may tatlumpung ulit at bukas sa deplasyon sa kalagayan ng pagliit ng pamilihan. Halimbawa, kahit ang mga *high technology stocks* na nanguna sa kapitalistang ekspansyon sa *stock market* ng US noong mga 1990 ay lubhang naging pabagu-bago dahil sa sobrang produksyon at pagkitid ng pamilihan.

Ang neoliberal na patakaran ay umiiral pa lamang sa loob ng 17 taon ngunit itinulak na nito ang krisis ng sistemang kapitalista ng daigdig sa walang kapantay na antas ng kabagsikan mula nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Tumatalim ang lahat ng mga batayang kontradiksyon. Kabilang dito ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalista at inaaping mamamayan at bansa, sa hanay mismo ng mga imperyalistang kapangyarihan at sa pagitan ng proletaryado at burgesya sa mga imperyalistang bayan.

Sa malaking mayorya ng mga bayan kung saan ang mga mamamayan at bansa ay inaapi ng imperyalismo, ang mga kalagayan ay hinog sa paglitaw at pag-unlad ng mga armadong kilusan para sa pambansang kalayaan at demokrasya. May ilang bayan kung saan ang gayong kilusan ay nasa pamumuno ng proletaryado. Patuloy na itinataas ng mga kilusang ito ang sulo ng armadong rebolusyon hanggang sa bumangon ang katulad na kilusan sa mas marami pang bayan sa hinaharap.

Habang ang ibang estado gaya ng Cuba at North Korea ay patuloy na naninindigan para sa pambansang kalayaan at nagpapahayag ng pagtataguyod sa sosyalismo at ang ilan pa ay lumalaban sa imperyalistang panghihimasok at agresyon, ang napakaraming iba pa ay mga neokolonyal na kliyenteng estado na sunud-sunuran sa mga imperyalistang kapangyarihan. Subali't darating ang panahong ang pagbulusok ng mga kalagayan sa lipunan at ekonomya ay tutungo sa paglitaw at pag-unlad ng mas marami pang rebolusyonaryong kilusan. Sa paglakas ng mga suhetibong pwersa ng rebolusyon, masasamantala ng mas malawak na nagkakaisang prente laban sa imperyalismo at mga pinakasagadsaring lokal na ahente nito ang pag-igting ng banggaan para sa kapangyarihan ng mga reaksyonaryo. Mayroon pang malalakas na anti-imperyalistang agos sa ilang bayan gaya ng China, India at Russia dahil sa mga nanatiling pambansang industriya at mga dati na at kasalukuyang isyung pampulitika na kakontra nila ang mga Kanluraning kapangyarihan.

Sa unang tingin sa kasalukuyan ay nagkakaisa ang lahat ng imperyalistang kapangyarihan sa ilalim ng pamumuno ng isang superpower sa pagtutulak ng "globalisasyon" at "malayang kalakalan", sa pagpapalaki ng alyansa sa seguridad tulad ng NATO o pagpapalakas ng isang alyansa sa seguridad na nakabatay sa Tratado sa Seguridad ng US-Japan at pagpapatupad ng patakaran ng *engagement** sa China at pakikipagpartner sa Russia. Subalit ang papalalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nasa proseso ng pagyugyog sa balanse ng mga relasyon sa hanay ng mga tradisyunal na imperyalistang kapangyarihan.

Ang kumpetisyon at krisis sa ekonomya ay maaaring umigting hanggang sa puntong sa ilang imperyalistang bayan ay makapangibabaw ang mga pwersa ng nasyunalismo, proteksyunismo at pasismo at gawing mas agresibo ang estado. Ang mga alitan ukol sa mga teritoryo sa ekonomya sa ikatlong daigdig at sa mga bayang nasa dating blokeng Sobyet ay maaaring lumitaw sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan. Ang kampanya ng US para maging prinsipal na imperyalistang kapangyarihan sa bawat rehiyon sa daigdig, ang kasalukuyang mga agresyon at panghihimasok ng US sa Balkan at sa Middle East, ang ekspansyon ng NATO at ang bagong mga tuntunin sa seguridad sa rehiyong Asya-Pasipiko ng US-Japan ay maaaring magpaputok ng mga gera sa hinaharap.

Ang kontradiksyon sa pagitan ng monopolyong burgesya at ng proletaryado sa mga imperyalistang bayan ay kontrolado pa rin ng una. Ito ay dahil sa nagagawa pa ng monopolyong burgesya na ilipat ang bigat ng pagsasamantala sa ikatlong daigdig at sa mga bayang nasa dating blokeng Sobyet at ang suhetibong pwersa ng proletaryong rebolusyon ay maliit at mahina pa. Gayunman, ang mga pangkalahatang welga at mga protestang aksyong masa ay nagsisimula nang lumaganap.

Ang mga rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa ilalim ng pamumuno ng mga Marxista-Leninistang partido ay maaari lamang lumitaw at umunlad kaakibat ng lumalalang krisis ng monopolyong kapitalismo, lumalaking kontradiksyong interimperyalista at pagpapanibagong sigla ng rebolusyonaryong pakikibaka ng mga inaaping mamamayan at bayan sa ikatlong daigdig at sa mga bayang nasa dating blokeng Sobyet.

Ang kasalukuyang krisis sa ekonomya at ligalig sa pandaigdigang sistemang kapitalista ay naghahanda ng larangan para sa susunod na dakilang inog ng pakikibaka ng kasalukuyang panahon sa pagitan ng mga pwersa ng sosyalismo at demokrasya at ng imperyalismo at reaksyon. Tayo ay nasa transisyon mula sa isang pandaigdigang sistemang kapitalistang nasa ilalim ng iisang superpower tungo sa isang sistemang may ilang imperyalistang kapangyarihan na marahas na nagtutunggali at ang proletaryado at inaaping mamamayan at bansa ay muling makakahawak ng inisyatiba para ipaglaban ang pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo. Makatatanaw tayo sa mga dakilang pakikibaka at mga dakilang tagumpay ng proletaryong rebolusyon sa ika-21 siglo.

## *II. Eksplosibong Sitwasyon sa Loob ng Bansa*

Ang krisis sa ekonomya at pulitika ng malakolonyal at malapyudal na sistema ay mabilis na lumalala sa tulin at paraang maikukumpara sa unang hati ng dekadang otsenta. Ang obhetibong sitwasyon ay lubhang eksplosibo. Ang kasaganaan sa ekonomya at katatagan sa pulitika na ipinangangalandakan ng rehimeng US-Ramos ay napatunayang pawang kasinungalingan. Patungo ang rehimen sa hapis na katapusan.

Ang Philippines 2000, ang *medium-term* na plano sa kaunlaran ng rehimen, ang siyang dapat na magdala sa Pilipinas para maging isang “tigreng” ekonomya, isang bagong industriyalisadong bayan sa taong 2000. Ngunit kakaiba sa mga plano sa ekonomya sa South Korea at Taiwan para maging mga “tigre” noong nakaraan, ang planong Ramos ay hindi nagtulak ng kahit isang batayang proyekto sa industriya, nagsantabi sa reporma sa lupa at natali sa mga anti-kaunlarang patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon na lubos na sunud-sunuran sa mga empresa at bangkong multinasyunal.

Wala naman talagang layuning gawing bagong industriyalisadong bayan ang Pilipinas. Ang tunay na layunin ay lalo pang ibukas ang bayan bilang “sumisibol na pamilihan” para tambakan ng sarplas na produkto at sarplas na kapital, lalo na ng kapital sa ispekulasyon mula sa labas, at lalo pang ibulid ang bayan sa mga dikta ng mga imperyalistang kapangyarihan at ng IMF, World Bank, APEC, WTO at iba pang multilateral na ahensyang imperyalista.

Nasalamangka ang ilusyon ng kasaganaan sa ekonomya sa ilang panahon sa pamamagitan ng mabilis na pagpapalaki ng lokal at dayuhang utang publiko, malakihang pasok ng dayuhang kapital sa ispekulasyon mula 1993 at ng pagkontrol at dobleng pagbibilang ng kita sa ibang bansa ng mga

manggagawang nagtatrabaho sa labas ng bansa. Ipinangangalandakan ng reaksyonaryong gubyerno ang bogus na mataas na tantos ng paglago ng GNP at GDP at ang di kapani-paniwalang pagliit ng proporsyon ng populasyon na nasa takdang bungad ng karalitaan sa pamamagitan ng simpleng pagbabalewala sa aktwal na mabilis na konsentrasyon ng mga ari-arian at kita sa kamay ng mga empresang multinasyunal at lokal na nagsasamantalang uri.

Sa kabila ng mabilis na akumulasyon ng yaman ng iilan at mas maliit na kita ng malawak na masa ng sambayanan, ang aktwal na tantos ng implasyon ay naging mataas dahil sa papataas na halaga ng imported na sangkap ng mga batayang produkto at serbisyo. Ang lebel ng sahod ay pinababa at ang *extended value-added tax* ay ipinataw sa mamamayan. Ang mga dayuhang monopolyo, kompanya sa pinansya, mga eksporter at importer, mga opereytor ng manupakturang nakatuon-sa-eksport, mga may-ari ng *megamall* at ispekulador sa *real estate* ang nakinabang sa malayang daloy at kumbertibilidad ng dayuhang salapi.

Ang estado ang nagsisilbing ahensya sa pangongolekta ng buwis mula sa mamamayan at muling namamahagi nito sa mga dayuhang monopolyo, malalaking komprador at matataas na burukrata. Ang mga ari-arian ng estado sa mga korporasyon at primera klaseng lupain ay isinapribado sa bagsak na presyo at ang pinagbentahan ay ginamit lamang sa mga nakabadyet na gastusin. Kabilang sa mga pangunahing pinagkagastusan ang pagseserbisyo sa dambuhalang lokal at dayuhang utang publiko, “modernisasyon” ng militar at pulisya, *pork barrel* ng kongreso, at pamimili ng mga kompyuter para sa mga opisina at mga kotse.

Ang mga import ng Pilipinas ay tulak ng konsumo. Kapansin-pansin ang mga import para sa luho ng nasa matataas na uri at mataas na paggitnang uri. Kabilang dito ang mga kotse, consumer electronics at mga tirahang palasyo sa mga eksklusibong subdibisyon. Kahit ang inimport na panggatong ay mas napupunta sa konsumo kaysa sa produksyon. Ang importasyon ng kagamitang pang-konstruksyon at bakal na pang-istruktura ay pangunahing napupunta sa mga nagtatayugang opisina at tirahan at mga *golf course* at pumapangalawa lamang sa mga bodega at pabrika para sa manupakturang nakatuon-sa-eksport.

Nilagpasan na ng kabuuang kita mula sa eksport ng manupakturang nakasandig-sa-import at mababa-ang-dagdag na halaga (semiconductors, kasuotan, sapatos, laruan at katulad nito) ang kita mula sa eksport na hilaw na materyales. Subalit ang netong kita sa eksport mula sa manupakturang nakatuon-sa-eksport ay di hamak na mas maliit o negatibo pa dahil sa 80 porsyento ng kabuuang kita ay nauuwi sa gastos sa mga imported na sangkap, na laging sobra ang halaga dahil sa *transferpricing*.

Ngayon, ang manupakturang nakatuon-sa-eksport ay hinahambalos ng krisis ng sobrang produksyon sa daigdig. Ang kita mula sa eksport ng mga kasuotan ay biglang bumulusok mula noong 1994 at yaong mula sa mga semiconductor ay papaliit na mula pa noong 1996. Sa ilalim ng neoliberal na iskema ng liberalisasyon sa kalakalan, ang eksport sa agrikultura at mineral ng Pilipinas ay lalo pang pinipiga ng matagal nang krisis ng sobrang produksyon ng hilaw na materyales. Kahit ang produksyon ng mga batayang produktong pagkain ay inuukok ng liberalisasyon sa kalakalan. Ang asukal, bigas, mais at iba pang produktong pagkain ay iniimport na sa papalaking kantidad.

Ang kawalan ng reporma sa lupa at kakulangan ng insentibo at suporta para sa lokal na produksyon ng pagkain ay pinalalala ng ligal na kumbersyon ng lupain sa agrikultura para maging tirahan, para sa komersyo at industriya at ng laganap na pangangamkam sa lupa ng *real estate*, plantasyon, minahan, trosohan at iba pang kompanyang nakabase sa lupa. Ang pangangamkam sa lupa ay sinasabayan ng marahas na mga operasyong ipinatutupad ng reaksyonaryong militar, pulisya, paramilitar at pribadong pwersa sa seguridad laban sa mga maralita ng lunsod at nayon, magsasaka at mga etnikong komunidad.

Lagi na lamang ibinubukas ng bulok na mga salalayan ng malapyudal na ekonomyang Pilipino ang bayan sa mga “normal” na makasaid-dugong operasyong gaya ng pag-uuwi ng kapital, pagluluwas ng tubo at usura ng mga empresa at bangkong multinasyunal, at nitong huli, sa ilang dramatikong

pangyayaring gaya ng atake sa pananalapi at pagtalilis ng kapital. May ganap na kalayaang i-reyd ng mga empresa at bangkong multinasyunal ang lokal na sistemang pinansyal at lamunin ang anumang bagong pasok na pondo mula mga pribado at opisyal na nagpapautang sa labas ng bansa.

Ang isang ekonomyang sa saligan ay agraryo, pinapaandar ng konsumo at pinahihirapan ng papalaking depisit sa kalakalan, umaako ng malakihang mga dayuhang utang at tumatanggap ng pamumuhunang porpolyo, itinatali ang piso sa dolyar at pinapayagan ang malayang daloy ng dayuhang palitan ay walang ibang pupuntahan kundi ang pinakagilid ng bangin at mahulog sa mas malalim pang pagkabusabos.

Mula Hulyo 11 nang taong ito, ang halaga ng piso ay bumaba mula 26 piso tungong 40 piso sa bawat US dolyar o ng higit sa 50 porsyento at patuloy pang bumababa ang halaga. Kulang pa para sa dalawang buwang halaga ng import ang reserbang dolyar ng Pilipinas. Mas mahirap na itong umakit ng dayuhang pondo bilang utang o bilang tuwirang pamumuhunan. Dumaranas ito ngayon ng pagtalilis ng kapital at mababang katayuan sa internasyunal na pagpapautang. Napipilitan itong magtipid at lalong pasidhiin ang pagsasamantala sa mamamayan.

Mas maraming piso ang kailangan ngayon para bayaran ang dayuhang utang na USD 44.8 bilyon. Hindi pa kasama rito ang napakalaking halagang USD 22 bilyon na utang na pangmaikling panahon ng mga pribadong kompanya mula sa mga dayuhang kompanya sa pinansya sa nakaraang dalawang taon. Sa kalauna'y ipapasa sa estado ang ganitong mga pribadong utang sa dayuhan. Laging inoobliga ng IMF na akuin ng kliyenteng estado ang responsibilidad sa mga utang na di mabayaran sa mga monopolyo kapitalistang buwaya.

Pinakamabilis ang pagtalilis ng kapital sa mga pamumuhunang porpolyo  sa mga *stocks* at *bonds*. Ang mga *sweatshops* ng mga empresang multinasyonal at malalaki nilang ahenteng komprador ay nagbabawas din ng produksyon o nagsasara. Nangyayari ito kahit na ipinapalaganap ng mga imperyalista ang hakahakang ang manupakturang nakatuon-sa-eksport ay nabubuhay sa debalwasyon at mas mababang sahod. Mas grabe ang kalagayan ng mga lokal na negosyante. Sila ay nababangkrap dahil sa tumataas na tantos ng interes sa utang at lumalaking gastos ng mga suplay mula sa labas ng bayan.

Lumalala ang kawalan ng hanapbuhay. Sa isang iglap ay mabilis na lumaki ang porsyento ng populasyong nabubuhay  nang mas mababa pa sa takdang bungad ng karalitaan. Ang napakatarik na debalwasyon ng piso ay malakihang nagpaliit sa kita ng malawak na masa ng sambayanan. Abot-langit ang presyo ng mga batayang produkto at serbisyo. Biglaan ang pagtaas ng mga presyo at ito ay lumilikha ng laganap na ligalig sa lipunan.

Umiigting ang mga batayang kontradiksyon ng mga uri sa lipunang Pilipino. Nitong 1997, laluna sa ikalawang hati, sumulong ang mga protestang aksyong masa sa kapitolyong rehiyon sa bansa at sa pambansang saklaw at dumalas ang mga taktikal na opensiba ng armadong rebolusyon. Paparami ang mga welga, protestang martsa at rali ng mga manggagawa, magsasaka, maralitang lunsod , estudyante at iba pang kabataan.

Ang krisis sa ekonomya at lipunan ng naghaharing sistema ay mabilis na lumalala. Gayundin ang krisis sa pulitika. Ang ribalan at hidwaan ng mga paksyon sa pulitika ng mga nagsasamantalang uri ay tumitindi. Gaya ng mga naghaharing reaksyonaryong pulitiko, ang burukrasya sibil, ang militar at ang pulisya ay mas nagiging brutal at tiwali.

Huwad ang mga nalalapit na eleksyon dahil ito ay monopolisado ng mga tradisyunal na pulitiko ng mga nagsasamantalang uri. Hindi nila sinasalamin ang kapasyahan ng mamamayan ni tinutugunan ang kanilang mga batayang kahilingan. Ang mga ito’y sandaling sirkus lamang na hindi makakapawi sa diskontento ng mamamayan. Hindi rin nila nireresolba ang ribalan ng mga reaksyonaryong paksyon bagkus ay pinalalala ang mga ito. Papaliit ang palayok na kinukurakutan ng mga burukrata at ito’y lilikha ng mas maiigting na banggaan ng mga reaksyonaryong pulitiko.

Lahat ng mga nangungunang tatakbo para sa pagkapresidente  sa eleksyon ay direktang inapo sa pulitika ng pasistang diktadurang Marcos. Lahat sila'y subok sa pang-aapi at pagsasamantala sa

mamamayan para magsilbi sa mga monopolyong kapitalista at mga lokal na nagsasamantalang uri. Bawat isa sa kanila ay sunud-sunuran sa IMF, World Bank at WTO, sa mga imperyalistang kapangyarihan at sa mga empresa at bangkong multinasyonal. Wala sa kanilang nangangahas na igiit ang pambansang kasarinlan at manawagan para sa industriyalisasyon ng bansa at reporma sa lupa.

Lahat ng mga mayor na kandidato sa pagkapresidente ng oposisyon ay nagsasabi sa publiko na sila ay popular at makakakuha ng protestang boto laban sa naghaharing partido at mga kandidato nito. Pero sa katunayan, sila-sila ay nagkakaalaman na wala silang makinarya at pera na kagaya ng sa naghaharing partido at masahol pa, wala sila sa posisyong kontrahin ang pandaraya sa kanila ng naghaharing partido sa bilangan ng boto.

Sinumang papalit kay Ramos ay walang kakayahang lutasin ang pangkalahatang krisis ng naghaharing sistema. Ang depresyon sa ekonomya na nagsimula na ay lumilikha ng mas laganap at mas masidhing ligalig at popular na paglaban. Sinuman ang uupo sa kapangyarihan sa anumang antas ng reaksyonaryong gobyerno ay haharap sa tumitinding galit ng mamamayan at sa paglakas ng rebolusyonaryong kilusan.

Ang mga rebolusyonaryong pwersa ay hindi makalalahok sa reaksyonaryong eleksyon dahil itinataguyod nila ang mga rebolusyonaryong prinsipyo at pinagbabawalan sila ng kaaway. Ngunit hanggang sa isang antas at sa ilang paraan, mapakikitunguhan nila ang mga reaksyonaryong eleksyon at ang resulta nito alinsunod sa patakaran ng Partido sa nagkakaisang prente. Napakabulok ng kasalukuyang sistemang elektoral ng mga nagsasamantalang uri kayat sa pambansang saklaw at sa maraming lugar, ang aplikasyon ng nagkakaisang prente ay kinapapalooban ng pagsamantala sa mga kontradiksyon ng mga reaksyonaryong pulitiko at partido. Mayroon lamang mangilan-ngilang progresibong kandidato.

Tulad ng kanilang mga amo sa pulitika, inaapi ng militar, pulisya at mga pwersang paramilitar ang mamamayan at naglulunsad ng mga kampanya ng panunupil laban sa mga rebolusyonaryong pwersa. Maraming militar at opisyal ng pulisya ang sangkot sa pinakamasasahol na sindikato ng krimen na nagsasagawa ng bayarang pagpatay, pagnanakaw, prostitusyon, sugal at pagkidnap sa mga negosyanteng Tsino at myembro ng pamilya nila. Ang mga pinakaambisyoso sa mga militar at opisyal ng pulis ay sumasangkot sa mga paksyon sa pulitika at nagmamaniobra para sa matataas na posisyong halal o iniaapoynt at para sa mga pribilehiyo sa negosyo.

Sa paglala ng krisis sa ekonomya at pulitika, ang militar, pulisya at pwersang paramilitar ay maglulunsad ng mas malalaki at madadalas na kampanya ng panunupil laban sa mamamayan at rebolusyonaryong pwersa. Lalong masasangkot ang kanilang mga opisyal sa mga kriminal na aktibidad at mga sabwatan sa pulitika, hanggang sa pagbabanta ng kudeta at aktwal na paglulunsad nito. Gayunman, ang mga makabayan at progresibong sentimyento ay inaasahan ding lalakas sa hanay ng mga tapat at mahuhusay na elemento ng reaksyonaryong militar at pulisya.

Hindi nagawang patahimikin ng rehimeng US-Ramos ang mamamayang Moro. Ang armadong pakikibaka ng mamamayang Moro para sa pagpapasya-sa-sarili ay nagpapatuloy. Itinutuloy ng Moro Islamic Liberation Front ang armadong pakikibaka. Disgustado ang mamamayang Moro sa pagsuko ng Moro National Liberation Front at sa mga hungkag na pangako ng gobyerno sa Maynila. Binabagabag sila ng mga mapang-api at mapagsamantalang patakaran ng gobyerno at mga ahensya nito sa mga eryang Moro.

Napakainam ng kalagayan para pamunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mamamayang Pilipino sa pagsusulong ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Bunga ng kilusang pagwawasto, ang baseng masa ay napalapad at napalalim para sa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya.

Kasabay nito, ang ligal na demokratikong kilusang masa ay nakapagkonsolida at nakapagpalawak ng mga pwersa nito. Ang 1997 ay bandilang taon para sa mga protestang kampanyang masa. Malalaking kampanyang masa ang nailunsad gaya ng paglaban sa pakana ng rehimeng Ramos na

baguhin ang konstitusyon, kahirapan, pagsama ng mga kondisyon sa sahod, pangangamkam ng lupa, kawalan ng tunay na reporma sa lupa, paulit-ulit na pagtataas ng presyo ng langis, paglabag sa karapatan ng tao, at iba pa. Isinusulong ng mga ligal na pwersang progresibo ang mga batayang kahilingan ng mamamayan alinsunod sa pangkalahatang linya ng pambansang kalayaan at demokrasya laban sa mga imperyalista at mga lokal na tuta nila.

Ang pinakamalaking kampanyang masa ay ginawa sa Maynila at iba pang syudad sa buong bansa laban sa pagbabago sa konstitusyon. Noong Setyembre 21, ang malawak na nagkakaisang prente laban sa rehimeng Ramos ay nakapagmobilisa ng higit sa isang milyong mamamayan sa buong bansa at sa 600,000 mamamayan sa rali sa Rizal Park. Nangibabaw sa mga probinsya ang mga ligal na progresibong pwersa. Sila ang may pinakamalaking bilang ng napalahok na hindi relihiyoso at nakaakit ng malaking seksyon ng mga nagrali sa Rizal Park para magmartsa hanggang sa palasyo ng presidente sa malaki at dramatikong panooring parada ng sulo.

Ang mga taktikal na opensibang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan laluna sa Timog Katagalugan ay nagbigay ng inspirasyon sa malawak na masa ng mamamayan. Nakatawag ito ng atensyon ng burges na midya at nakapaglantad sa hungkag at matagal nang  pagyayabang ng kaaway sa kanyang kampanyang psywar na ang BHB ay nagkawatak-watak at naglaho na.

Ipinakita ng BHB ang kakayahan nitong bumihag ng mga opisyal at tauhan ng kaaway sa proseso ng mga reyd at ambus. Tinrato nang mahusay ang mga bihag ng digma sa ilalim ng patakaran ng mahusay na pagtrato sa mga bihag na kaaway at sa ilalim ng Deklarayon ng NDFP sa Pagtalima sa Geneva Conventions at Protocol I. Hinangaan ng mamamayan ang pagpapalaya sa mga bihag ng digma batay sa makataong batayan at hakbang na pagpapakita ng tapat na kalooban.

Kabaligtaran ang nagpapatuloy na pandarahas ng kaaway sa mamamayan sa mga kampanya ng panunupil na nagsisilbi sa mga empresang multinasyonal at mga lokal na nagsasamantalang uri. Milyun-milyong mamamayan ang patuloy na nadidislokeyt para bigyang-daan ang mga proyektong ispekulatibo sa *real estate*, diumanong mga sona sa industriya, mga plantasyon, minahan, trosohan, pagtatanim ng mga puno ng mga kapitalista at iba pa. Laganap ang mga masaker, piling pagpatay, iligal na pagbibilanggo at tortyur. Naghihirap sa mga bilangguan ang mga bilanggong pulitikal dahil sa mga gawa-gawang kaso at sentensya.

Nagpapataw ng mga pribadong buwis ang mga lokal na awtoridad ng gobyerno sa huli ng mga maralitang mangingisda at sa mga maliliit at katamtaman-ang-laking negosyante sa palaisdaan sa baybaying dagat at sa mga loobang tubig at hindi sila pinapapasok sa mga pangisdaan para pagbigyan ang malalaking kompanyang pangisda. Nangingibabaw ang mga palaisdaan ng malalaking negosyante sa mga lawa, malalaking ilog at bay. Malayang nakapaglalayag sa mga dagat ng Pilipinas ang mga dayuhang barkong pabrika.

Dahil sa hindi makakuha ng trabaho sa sariling bayan para buhayin ang pamilya, milyun-milyon nating kababayan ang natulak na magtrabaho bilang mga migranteng manggagawa sa iba't ibang bahagi ng daigdig. Sila ang bumubuo sa may 15 porsyento ng lakas paggawa ng Pilipinas. Ang mga migranteng manggagawa ay dumaranas ng mapagsamantalang kalagayan sa paggawa, matagal na pagkawalay sa kanilang mga pamilya at sadyang kawalan ng proteksyon mula sa gobyerno sa Maynila na may patakarang gawing mura ang eksport ng paggawa at sumunggab sa kitang dayuhang salapi. Ang mga dayong manggagawang Pilipino ay nagsisimula nang mag-organisa sa sarili sa buong daigdig para ipaglaban ang kanilang mga karapatan at kagalingan sa mga kinalalagyang bayan at umugnay sa pambansa demokratikong kilusan sa sariling bayan.

Ang National Democratic Front ay lumalaban para sa makatarungan at matagalang kapayapaan ayon sa linya ng pambansa demokratikong rebolusyon. Ipinatutupad nito ang mga negosasyon sa kapayapaan alinsunod sa linya ring ito. Hindi magiging posible ang makatarungan at matagalang kapayapaan o ang walang taning na tigil-putukan hangga't hindi nasisiyahan ang mamamayan sa mga komprehensibong kasunduan sa karapatan ng tao at mga reporma sa lipunan at ekonomya, at mga reporma sa pulitika at sa konstitusyon.

Hangga't lumalakas ang rebolusyonaryong pwersa sa gitna ng lumalalang krisis ng naghaharing sistema, sinumang papalit kay Ramos bilang presidente ay maoobligang ipagpatuloy ang mga negosasyon sa kapayapaan sa NDFP. Sinuman ang papalit ay haharap sa isang armadong rebolusyonaryong kilusang mas masigasig at masigla sa gitna ng napakalubhang kalagayan ng lipunan. Ipagpapatuloy ng mga rebolusyonaryong pwersa at ng mamamayan ang pakikibaka para matamo ang mga batayang kahilingan para sa kalayaan ng bansa at ng lipunan.

### *III. Ibayong Lumalakas na Partido Komunista ng Pilipinas*

Mula 1992, ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ay nakapagpanibagong-sigla at muling nakapagpalakas sa Partido sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon. Ang pagwawasto ng mga mayor na kamalian at kahinaan ay nagbigay-daan sa ekspansyon at konsolidasyon ng Partido. Mula nang nakaraang taon, ang Partido ay nagtamo ng mga makabuluhang tagumpay sa pagpapatupad ng mga mapanlabang tungkulin nito.

Nasa mas mahusay na posisyon ang Partido para samantalahin ang kasalukuyang maigting na krisis ng naghaharing sistema. Ang mga kalagayan ay napakapaborable para sa pagsusulong ng bagong demokratikong rebolusyon. Wala nang ibang pwersa liban sa Partido na makakapamuno sa mamamayang Pilipino tungo sa pambansang kalayaan at demokrasya laban sa dayuhang monopolyong kapitalismo, lokal na pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Ang lahat ng kadre at kasapi ng Partido ay nagtataguyod sa Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang gabay sa rebolusyonaryong kilusan at binabaka ang iba't ibang tunguhin ng modernong rebisyonismo, empirisismo at dogmatismo. Dinadala nila ang tunggalian sa ideolohiya hanggang sa pagpapabulaan sa mga antikomunista at repormistang ideyang ikinakalat ng mga imperyalista at neokolonyal na estado, mga empresang multinasyunal, mga burges na unibersidad at mga "NGO" na pinopondohan ng mga imperyalista.

Iniangat ng mga kadre at kasapi ng Partido ang kanilang kamulatang pang-ideolohiya sa bago at mas mataas na antas. Muli nilang pinagtibay at inilapat ang mga batayang rebolusyonaryong prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa kasaysayan at kasalukuyang sikunstansya ng Pilipinas at sa kanilang kongkretong rebolusyonaryong praktika. Ang kilusang pagwawasto ay isinulong bilang buhay na pag-aaral sa rebolusyonaryong teorya ng proletaryado.

Ang mga mayor na kamalian sa antas ng Komite Sentral at yaong may pambansang saklaw, pati na ang mga kamalian ng mga partikular na organo at mga organo at organisasyon sa teritoryo ay pinuna at itinakwil. Sa patnubay ng mga sentral na dokumento ng pagwawasto, natapos ng mga komiteng rehiyon ng Partido ang kanilang mga paglalagom. Sa gabay ng Komite Sentral, ilan na ang nakapagbalik-aral at nakapagpaunlad pa ng mga ito.

Ang paraan ng pagpuna at pagpuna sa sarili ay ginagamit para itaguyod ang linya ng Partido, gumawa ng napapanahong pagtutuwid ng mga kamalian at kahinaan, pahusayin ang istilo ng paggawa at magtamo ng mas mahuhusay at mas mabilis na resulta. Ang pagpuna at pagpuna sa sarili ay nakabatay sa mga datos at sa pagsusuri ng nasabing mga datos at nakatuon sa pagpapatupad ng mahihigpit na tungkulin.

Mayroong kasiglahan sa araw-araw sa pagbabasa at pag-aaral ng mga sulatin nina Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao, ng mga batayang dokumento ng Partido, ng mga dokumento ng pagwawasto, ng *Rebolusyon* bilang teoretikong organo at iba pang pahayag at lathalain ng Komite Sentral. Tinitiyak ng mga namumunong organo ng Partido sa bawat antas na naipaliliwanag at naipasasapol ng mga kadre ng Partido ang mga teoretikong usapin at masalimuot na isyu sa masang kasapian ng Partido at natututo rin sa kanila sa daloy ng talakayan.

Nakatapos ang mga ganap at kandidatong kasapi ng Partido ng batayang kurso ng Partido na ang ginamit na ay ang bagong tekstong aklat. Marami sa kanila ang kung ilang ulit nang nakakuha ng kurso. Pagkatapos ng pormal na kurso ay binabalik-aralan ng mga yunit ng Partido ang napag-aralan. Ang batayang kurso ng Partido ay isang rekisito para sa lahat ng kandidatong kasapi. Ang

mga pinakaabanteng aktibistang masa ay hinihikayat ding mauna nang magbasa at mag-aral ng mga sulatin ukol dito.

Makabuluhang bilang ng mga kadre at kasapi ng Partido ang nakakuha na ng kursong intermedya at abante ng Partido. Kabilang sa mga una nang nakapagtapos ang mga kadre sa mga unyon ng manggagawa, magsasaka, kababaihan at kabataan sa pambansang antas at ang mga kadre ng rehiyon at mga probinsya sa Kordilyera, Timog Katagalugan at Hilagang Mindanao. Mayroon ngayong kampanyang paramihin ang bilang ng mga kasamang nakapagtapos ng mga kursong ito sa bawat rehiyon. Nauna nang ipinamahagi ang mga materyales para sa pag-aaral para kaagad nang makapagbasa at makapag-aral ang mga yunit ng Partido bago pa ang mga pormal na kurso.

Ang Pangkalahatang Kalihiman at ang Pambansang Kagawaran sa Edukasyon ay nakapagtalaga ng mga instruktor para magpatupad ng mga kurso ng pag-aaral. Ang mga panrehiyong organo ng Partido ay inaatasang magpaunlad ng kanilang mga kagawaran sa edukasyon at kawanihan ng mga instruktor. Ang mga instruktor ay maaaring magpatupad ng makilos na sistema ng paaralan. Kinakailangan ang espesyal na pagsisikap ng mga kadre, laluna ng mga instruktor, na mapasimple, gawing madaling maunawaan at kaiga-igaya ang mga paksa at materyales sa pag-aaral para sa masang kasapian ng Partido at mga kandidatong kasapi na hirap makaunawa ng binabasa at hirap sa pagsapol ng mga terminong abstrakto. Ang mga Komiteng Rehiyon ng Partido ay masigasig na nagsasalin ng mga tekstong Marxista-Leninista at mga pahayag ng mga sentral na organo ng Partido sa kani-kanilang lenggwahe sa rehiyon at nagpapalaganap ng mga ito.

Ang konsolidasyon sa ideolohiya ng Partido ay nagtitiyak na may mataas-ang-kamulatan at matatag na Marxista-Leninistang ubod ang rebolusyonaryong kilusang masa. Karamihan ng mga organo at yunit ng Partido ay nakapaglunsad na ng konsolidasyon sa ideolohiya kasabay ng pagpapalawak ng kasapian ng Partido at ng gawaing masa. Gayunman, ang konsolidasyong ipinatupad ng ilang yunit ay humantong sa pagpapakitid. Ito ay dapat na iwasto.

Ang kilusang pagwawasto ay kinapapalooban ng diyalektikong relasyon sa pagitan ng sentral na pamunuan at mga nakabababang organo at ang pag-alam sa mga datos sa iba't ibang antas at larangan ng gawain at pagpapatupad ng kilusang pagwawasto sa bawat antas at bawat larangan ng gawain. Mahalagang ihapag ang sariling opinyon sa karampatang daluyan para mapayaman, mapatibay at magawang masinop at maagap ang proseso ng pagbubuo ng mga desisyon. Anumang debate sa alinmang isyu ay dapat na resolbahin sa loob ng balangkas ng demokratikong sentralismo. Gayunman, mayroon pa ring ilang elementong lumihis sa landas na ito.

Ang mapagpasyang kahalagahan ng kawastuhan at pagkakaisa sa ideolohiya ay pinatunayan ng pagpapanibagong sigla at paglakas ng Partido sa pamamagitan ng kilusang pagwawasto. Kung walang rebolusyonaryong teorya, walang rebolusyonaryong kilusan. Sa pagtalikod sa linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng Partido, ang mga ayaw magwastong oportunista at taksil na sumalungat sa kilusang pagwawasto ay tuluy-tuloy nang nabulok at nagkawatak-watak. Ngunit ang matatapat na kadre at kasapi ng Partido ay nagpursigeng lalong pagkaisahin at palakasin ang Partido kaysa dati.

Ang pangangailangan para sa bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan ay mas malinaw at mas mahigpit. Ang krisis ng malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino ay lalong lumalalim at lumalala sa ilalim ng neoliberal na patakaran ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Ang kasalukuyang sosyoekonomikong kalamidad ay pumawi sa tansong kinang ng diumano'y modernisasyon na malaking komprador at lubos na naglantad sa agraryo at atrasadong katangian ng ekonomyang Pilipino.

Sa ilalim ng pamumuno ng Partido, ang Bagong Hukbong Bayan ay patuloy na lumalakas at sumusulong. Ito ay magiting na naglulunsad ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya sa batayan ng papalawak at papalalim na baseng masa. Ang sentro de grabidad ay isang platung gerilya sa loob ng isang larangang gerilya na may kabuuang pwersang humigit kumulang sa isang kompanya. Ang 75 hanggang 80 porsyento ng pwersang ito ay nakakalat sa mga iskwad at sandatahang tim sa propaganda para sa gawaing masa.

Ang tipikal na *strike force* para sa mga reyd at ambus ay isang platun, na maaaring pinaliit o pinalaki, depende sa kalagayan. Noong nakaraang taon, ang Bagong Hukbong Bayan ay magiting na tumugon sa panawagan ng Partido na maglunsad ng mga taktikal na opensiba ayon sa kakayahan. Sa pambansang saklaw, ang mga platung gerilya ay naglunsad ng mga taktikal na opensiba at nakakumpiska ng daan-daang armas. Sa taong ito, ang mga platung gerilya ng Bagong Hukbong Bayan sa rehiyong Timog Luson ay katangi-tangi sa paglulunsad ng mga reyd at ambus, at nagsisilbing modelo sa ibang rehiyon sa pagpaplano at implementasyon.

Ang mga taktikal na opensiba ay nagpabulaan sa mga sinungaling na pahayag ng kaaway na ang Bagong Hukbong Bayan ay nagkawatak-watak at naglaho na. Ang mga tagumpay sa mga taktikal na opensiba ay resulta ng mga tagumpay sa pagbubuo ng malapad at malalim na baseng masa at pagsasanay pulitiko-militar ng mga Pulang mandirigma. Ang baseng masa ay nagbibigay-daan sa wastong paniktik at napapanahong pagmamanman at ligtas na pag-abante at pag-atras ng ating pwersang pambanat. Ang pagsasanay pulitiko-militar ay nakapagpapatalas sa diwang palaban at kasanayan ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan. Ang masinop na pagpaplano at pleksibilidad ay imbwelto sa ating mga taktikal na opensiba.

Ang baseng masa ang pinakamahalaga sa pagsustini ng mga taktikal na opensiba at pagbigo sa ganti ng kaaway. Ito ay nagmumula sa masikhay na gawaing masa, sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos ng masa alinsunod sa kanilang mga saligang kahilingan sa bagong demokratikong rebolusyon. Nagagawa nating maglunsad ng mga opensiba nang hindi sobrang bumibinat sa ating sarili. Mahalagang iugnay ang dalas ng mga opensiba sa pagsulong ng gawaing masa at reporma sa lupa.

Sa ilang lugar, kung saan inimbak muna ang mga riple at mahahabang riple, ang papalaking baseng masa ay nagpahintulot sa pagbubuo ng mga bagong yunit na naka-riple at pagrekluta ng karagdagang mga Pulang mandirigma. Iwinawaksi ng mga namumunong organo ng Partido ang inersya ng konserbatismo dulot ng tuluy-tuloy na gawaing masa na walang mga taktikal na opensiba. Ngunit dapat bigyan ng sapat na atensyon ang tamang balanse ng gawaing masa at mga taktikal na opensiba.

Ang mga kadre at kasapi ng Partido at ang mga Pulang komander at mandirigma ay dapat na mag-aral at magsanay sa pakikidigmang gerilya nang pinangunguna ang rebolusyonaryong pulitika. Dapat na ilunsad ang mga taktikal na opensiba ayon sa kakayahan. Kasabay nito ay dapat na basagin ang inersya ng konserbatismo.

Maraming dating lugar na naiwan dahil sa mga mayor na kamalian sa linya ang nabawi na at nabuksan pa ang mga bagong erya. Ang ekspansyon at konsolidasyon ng baseng masa ay dahil sa kilusang pagwawasto. Hawak ng partido at ng Bagong Hukbong Bayan ang linyang masa. Natututo sila mula sa masa at inililinaw sa kanila ang kanilang interes na dapat ipaglaban. Kaya lalong humihigpit ang kanilang ugnay sa masa at kasama nilang sumusulong sa pakikibaka.

Ang panlipunang pagsisiyasat, batayang edukasyong masa, solidong pag-oorganisa ng masa at mga kampanyang masa ay inilulunsad sa hanay ng mga manggagawang bukid at mga manggagawang di-agrikultural, masang magsasaka, kabataan, kababaihan, aktibista sa kultura at mga bata. Ang kanilang mga organisasyong masa ay solidong pundasyon ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at balon ng mga lokal na sangay ng Partido at mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan at milisyang bayan.

Ang mga kampanyang masa at ang gawain ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika ay kinapapalooban ng mga pulong para ihapag ang mga reklamo at galit sa kaaway, ng batayang edukasyong masa, ng pag-oorganisa ng masa, ng reporma sa lupa, ng produksyon, ng pagsasanay sa pagdedepensa sa sarili, ng gawaing pangkalusugan at sanitasyon, ng paglutas sa mga di pagkakaunawaan sa hanay ng mamamayan at gawaing pangkultura.

Ang reporma sa lupa ang siya pa ring pinakamahalagang kampanyang masa sa kanayunan, lalo pa't sinasagkaan ito ng rehimen, ang uring panginoong maylupa ay muling nag-iipon ng lupa at

ang mga empresang mutinasyunal at ang kanilang mga ahenteng malalaking komprador ay nangangamkam ng lupa sa ilalim ng sari-saring batas. Ang paghahangad sa lupa ng masang magsasaka ay mas sumidhi kaysa dati. Ang solusyon sa suliranin sa lupa ang siya pa ring pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon.

Sa harap ng mabilis na pagdausdos ng ekonomya ng naghaharing sistema dahil sa neoliberal na patakaran ng denasyonalisasyon, liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon, ang sigaw para sa pambansang kalayaan at demokrasya, para sa kasarinlan sa ekonomya at tunay na reporma sa lupa ay lalong lalakas sa mga susunod na taon at tiyak na lilikha ng makapangyarihang unos ng rebolusyonaryong paglaban.

Ang ligal na demokratikong kilusang masa ay lumalakas at sumusulong. Ang mga progresibong organisasyon ng mga manggagawa, magsasaka, maralitang lunsod at kanayunan, kababaihan, mag-aaral at kabataan, guro at iba pang propesyonal at mga taong relihiyoso ay masigasig at militanteng nagpapalakas sa sarili. Gayundin ang mga alyansang sektoral, multisektoral at iyong nakabatay sa isyu.

Ang malalaking pakikibakang masa ay inilunsad sa kapitolyong rehiyon ng bansa at sa pambansang saklaw laban sa pagkatuta ng reaksyonaryong gubyerno at laban sa mabilis na nabubulok na sitwasyon sa ekonomya at panlipunan sa ilalim ng patakaran ng liberalisasyon, kahirapan at kalunus-lunos na kalagayan ng mamamayan, atake ng rehimen sa mga magsasaka at mga minoryang etniko kaugnay ng usapin ng lupa, paulit-ulit na pagtataas ng presyo ng langis, mapang-api at mapagsamantalang kalagayan sa mga paaralan at ang pakana ni Ramos na palitan ang 1987 konstitusyon ng reaksyonaryong estado sa walang kahihinatnang pagtatangkang palawigin ang paghahari lagpas sa 1998.

Ang patuloy na paglakas ng mga ligal na progresibong pwersa ay tumutungo sa mas malawak na nagkakaisang prente laban sa rehimeng US-Ramos. Ito ay tuwirang kabaligtaran ng tuluy-tuloy na pagkabulok ng mga ayaw magwastong oportunista at mga taksil na natangay ng malakas na antikomunistang opensiba sa ideolohiya at pulitika noong 1989 hanggang 1991 at walang kahihiyang sumama sa kampanyang psy-war ng rehimen laban sa rebolusyonaryong kilusan. Ang mga taksil na maliliit na grupo ay paulit-ulit na nagkawatak-watak at ang kanilang mga lider ay ganap nang naglantad sa sarili bilang mga kontrarebolusyonaryo.

Ang mga ligal na progresibong pwersa ay mas naging aktibo at produktibo sa paglalabas ng nakasulat na propaganda kaysa sa mga lihim na rebolusyonaryong pwersa. Hanggang sa ngayon, ang bagong sentral na pahayagang *Ang Bayan* ay hindi pa lumalabas nang regular. Dagdag pang pagsisikap at atensyon ang kailangan para matiyak ang regularidad at dalas ng *Ang Bayan* upang magsilbi itong pirming tinig ng Partido sa mga pangyayari sa kasalukuyan. Dahil sa kinikilala ang krusyal na kahalagahan ng nakasulat na propaganda, paparaming bilang ng mga komiteng rehiyon ng Partido ang naglalabas ng mga publikasyong rehiyunal. Ang mga publikasyong ito pati na ang sistema ng pag-uulat sa loob ng Partido ay makatutulong sa regular na publikasyon ng *Ang Bayan*.

Pinag-ibayo at lalong pinasigla ng Partido ang pang-organisasyong lakas nito mula nang ganap na sumulong ang kilusang pagwawasto. Nakonsolida nito ang dating bilang ng mga kadre at kasapi ng Partido at narekruta bilang kandidatong kasapi ang mga pinakaabanteng aktibistang masa. Mayroon na ngayong makabuluhang proporsyon ng mga bagong reklutang lagpas pa sa bilang ng mga ayaw magwastong oportunista at taksil na inalis sa Partido at yaong nalinlang nila para umalis sa Partido o hindi na aktibo.

Mula nang nakaraang taon, ang mga sangay ng Partido sa mga pabrika, linya ng transportasyon , opisina at mga komunidad sa lunsod at kanayunan ay dumami. Ang mga grupo ng Partidong nasa ubod ng mga organisasyong masa ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan at kabataan ay masigasig na nagtataguyod ng pangkalahatang pamumuno ng Partido at seryosong nagrerekluta , nagbibigay ng edukasyon at mga tungkulin sa mga kandidatong kasapi upang sila ay maging mga ganap na kasapi sa loob ng panahong itinakda ng Konstitusyon.

Alinsunod sa proletaryong kalikasan ng Partido, may malakas na kampanyang magrekluta ng mga kasapi ng Partido mula sa uring manggagawa sa pinabilis na tantos para mapalaki ang kanilang proporsyon, nang hindi naman binabawasan ang pagsisikap na magrekluta ng mga kasapi mula sa mga magsasaka at sa petiburgesyang lunsod. Ang mga pinakaabanteng unyonista ay mabilis sa pagsapol sa Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon.

Ang kasapian ng Partido ay lumaki sa karamihan ng mga rehiyon. Ang papalaking bilang ng mga kasapi at kandidatong kasapi ng Patido ay itinalaga mula sa mga lunsod tungo sa kanayunan. Ang prayoridad ay nasa pagtatalaga ng mga nagmula sa hanay ng mga manggagawa at kabataang estudyante para magsilbi sa hukbong bayan at magsilbi sa sambayanan sa mga larangang gerilya at sa mga bagong eryang inihahanda para maging sonang gerilya.

Ang Partido ay nananatiling mahigpit na nakakawing sa masang anak pawis ng manggagawa at magsasaka. Ang mga kadre at kasapi ng Partido ay napapanday sa gitna ng mga pakikibakang masa. Ang pagsubok na gawain para sa mga kandidatong kasapi ng Partido ay kinapapalooban ng tiyak na mga tungkulin sa pag-aaral at sa gawaing masa. Umaako ng mas marami pang gawain at responsibilidad ang mga ganap na kasapi ng Partido pagkatapos ng isang panahon ng kandidatura.

Itinataguyod ng Partido ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo. Ginagabayan ng sentralisadong pamumuno ang demokrasya at ang sentralismo ay nakabatay dito. May diyalektikong relasyon sa pagitan ng dalawa bagamat ang sentralismo ang susing termino. Ang esensya ng sentralismo ay ang pagkakaisa sa ilalim ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at pagkokonsentra ng kapasyahan at lakas ng Partido sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga desisyon. Ang panloob na demokrasya sa Partido ay ang proseso ng paglalahad ng mga datos mula sa pinakamaraming posibleng panggagalingan nito at pag-aanalisa ng mga datos para makabuo ng desisyon.

May disiplina habang mayroon ding kalayaan ng opinyon, debate, pagpuna at pagpuna sa sarili. Kapag nabuo ang isang desisyon, ang lahat ay dapat tumalima sa pagpapatupad ng desisyon kahit na may karapatan ang sinuman na magkaroon ng reserbasyon sa desisyon. Nakapangingibabaw ang mga nakatataas na organo sa mga nakabababang organo. Nakapangingibabaw ang Komite Sentral sa buong organisasyon.

Sinumang may impormasyon o opinyon sa alinmang mahalagang isyu ay inoobligang ihapag ito sa kinauukulang organo upang ito'y maikonsidera sa proseso ng pagbubuo ng desisyon. Kapag naihapag ang isang seryosong opinyon, tanggapin man o hindi, ito'y nakapagpapayaman at nakapagpapalakas sa proseso ng pagbubuo ng desisyon. Laging may karampatang organo sa anumang panahon. Ang paglampas sa karampatang organo o maghintay pa sa ibang organo sa ibang panahon ay pag-iwas sa isyu at pagsasayang ng oras.

Tungkulin ng Komite Sentral na gabayan ang anumang komiteng rehiyon ng Partido at tiyaking ito'y umiiral at gumagana. Kung hindi ay magkakawatak-watak ito at malilikida. Kapag umiiral ang ultrademokrasya at paksyunal na agos, ang responsableng namumunong organo ay dapat magkonsolida sa sarili at huwag hayaang maparalisa ang sarili ng anarkiya.

## *IV. Sumulong sa Ika-30 Anibersaryo nang may mas malalaking tagumpay !*

Ang mahaba at magiting na rekord sa paglaban ng Partido bilang abanteng destakamento ng proletaryado sa rebolusyong Pilipino ay isang dakilang tagumpay. Ito ay may proporsyong epiko. Ang rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado at mamamayang Pilipino sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ay lumampas na sa lumang demokratikong rebolusyon sa teorya at praktika, sa nilalamang panlipunan, sa pagpupunyagi, sa saklaw at intensidad.

Sa harap ng rebisyunistang pagtataksil sa sosyalismo at sa gitna ng kasalukuyang krisis at kaguluhan ng pandaigdigang sistemang kapitalista, ang Partido Komunista ng Pilipinas ay nasa unahan sa pamamagitan ng pamumuno sa rebolusyong Pilipino at pag-aambag sa adhikain ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo para sa sosyalismo at komunismo. Tinatamasa ng Partido ang mataas na prestihiyo sa pandaigdigang kilusang komunista dahil sa rebolusyonaryong pakikibaka nito, laluna ang digmang bayan, at dahil sa nakikipagpalitan ito ng mga ideya at karanasan sa iba pang partidong komunista at manggagawa sa diwa ng proletaryong internasyonalismo at sa layunin ng pagpapatupad sa istorikong misyon ng uring manggagawa.

Sa susunod na taon, iangat natin ang rebolusyonaryong pakikibaka sa bago at mas mataas na antas at anihin ang mga tagumpay sa paraang lahatang-panig para buong kagalakan at maningning na ipagdiwang ang ika-30 anibersaryo ng Partido.

Dapat tayong magpursige sa kilusang pagwawasto. Ipatupad natin ang mga tungkulin sa ideolohiya, pulitika at organisasyon nang mas masigasig at mas militante kaysa dati. Batay sa kasalukuyang lakas, magbalak tayo para sa ibayong pagpapalakas.

1. Dapat nating itaas ang pang-ideolohiyang bandila ng Marxismo-Leninismo-Maoismo . Ang lahat ng mga kadre, kasapi at kandidatong kasapi ng Partido ay dapat na itaas ang kanilang kamulatan sa ideolohiya sa pamamagitan ng pag-aaral sa teorya at paglalapat nito sa kongkretong kalagayan at sa ating rebolusyonaryong praktika.

Dapat nating bakahin ang suhetibismo, sa anyo man ng rebisyonismo, empirisismo, at dogmatismo. Dapat tayong maging mapagbantay sa pagpasok ng ideolohiyang petiburges sa loob ng Partido. Dapat nating seryosohin ang mga pulong pag-aaral ng ating mga organo at yunit at ang mga pormal na kurso sa pag-aaral sa batayan, intermedya at abanteng antas.

2. Dapat nating matatag at militanteng isulong ang pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Dapat wasto at mahusay na gamitin ng Partido ang dalawang makapangyarihang sandata ng rebolusyonayong armadong pakikibaka at nagkakaisang prente.

Dapat nating bakahin ang mga “Kaliwa” at Kanang oportunistang kamalian. Paigtingin natin ang armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng pakikibaka, isanib ito sa tunay na reporma sa lupa at pagbubuo ng baseng masa. Dapat nating paunlarin ang nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka at ikoordina ang rebolusyonaryong pakikibaka sa lunsod at kanayunan.

3. Dapat nating itaguyod ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo at itayo ang pang-organisasyong lakas ng Partido sa buong bansa at malalim na umugat sa masang anak-pawis ng manggagawa at magsasaka. Gawin nating kasapi ng Partido ang papalaking bilang ng mga pinakaabanteng aktibista ng rebolusyonaryong kilusang masa sa lunsod at kanayunan.

Itaas natin ang proporsyon ng mga kasapi ng Partido na mula sa uring manggagawa. Kasabay nito’y ipagpatuloy natin ang pagrerekluta mula sa hanay ng mga magsasaka at ng petiburgesyang lunsod. Italaga natin ang mas marami pang kadre at kasapi ng Partido mula sa lunsod tungo sa kanayunan.

Habang lumalala ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng naghaharing sistema sa Pilipinas, tiwala tayong ang Partido ay magtatamo ng mas malalaking tagumpay sa pamumuno sa rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado at mamamayan. Walang ibang solusyon sa pang-aapi at pagsasamantala ng mga imperyalista at mga lokal na nagsasamantalang uri kundi ang bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Kapag sa saligan ay nakumpleto na ang kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino, isusulong natin ang sosyalistang rebolusyon hanggang sa maabot ang ultimong layunin ng komunismo.

———

* Patakaran ng pakikipagmabutihan at diin sa ugnayan sa negosyo habang nagtutulak ng mga pagbabago sa patakaran ng China.